

# Mga Katanungan na Madalas Itanong

## Q1. Kailan ba epektibo ang pangangailangan ito?

Ang bagong pangangailang ay itutupad sa 2023/24 ng taon ng paaralan. Ito ay kakailanganin para sinumang mag-aaral na magtatapos sa 2023/2024 ng taon ng paaralan, at sa mga sumusunod na taon, upang matugunan itong bagong pangangailangan.

## Q2. Kailangan bang makumpleto ng lahat ng mga mag-aaral ang kinakailangan na ito?

Oo, lahat ng mga mag-aaral na nagtatrabaho tungo sa Sertipiko ng Pagtatapos ng BC [BC Certificate of Graduation (Dogwood Diploma, sa parehong Ingles at Pranses)] ay kinakailangang kumpletuhin ang bagong hinihingi sa pagtatapos, kabilang ang mga mag-aaral sa independyente at sertipikadong mga paaralan sa labas ng pampang ng B.C.

## Q3. Maaapektuhan ba ng bagong kinakailangan ang paglipat ng mga mag-aaral sa post-sekondaryo?

Hindi, kasama sa modelo ang mga opsyon para sa mga mag-aaral na makakatugon sa bagong pangangailangan sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga kasalukuyang panlalawigan na kurso na tinatanggap na ng mga post-sekondaryong institusyon sa Canada.

Para sa mga post-sekondaryong programa na inaalok sa labas ng Canada, o may lubos na partikular na mga kinakailangan sa pagpasok, ang mga mag-aaral ay maaaring potensyal na pumili ng kurso sa antas ng Baitang 10 o isama ang bagong kinakailangan bilang isang elektibo.

Ang bagong kinakailangan ay umaayon sa mga aksyong ginawa ng mga pampublikong post-sekondaryong institusyon upang ipakilala ang kinakailangang gawaing kurso ng Katutubong edukasyon para sa mga mag-aaral, kabilang ang mga programa sa edukasyon ng guro ng BC at UBC School of Law.

Kung mayroon kang mga karagdagang tanong, kabilang ang mga makukuhang opsyon sa kurso para sa iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na paaralan o distrito ng paaralan.



## Impormasyon ng Kontak sa Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga ng Bata



[GradRequirements@gov.bc.ca](mailto:GradRequirements@gov.bc.ca)



[gov.bc.ca/indigenous-focused-grad-requirement](http://gov.bc.ca/indigenous-focused-grad-requirement)



# Nakatuon sa Katutubo na Kinakailangan sa Pagtatapos



BRITISH  
COLUMBIA

Ministry of Education  
and Child Care



# Ano ang Bago?

Bilang bahagi ng pagtutuon ng Lalawigan ng British Columbia sa katotohanan, pagkakasundo, at paglaban sa kapootang panlahi, ang Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Bata ay nagpatupad ng isang mandatoryong kinakailangan sa pagtatapos na nakatuon sa Katutubo para sa lahat ng mga mag-aaral.

Ang bagong kinakailangan ay bumubuo sa trabaho-hanggang-sa-ngayon para isama ang mga Katutubong pananaw at nilalaman sa kabuuan sa muling idinisenyong K-12 na panlalawigang kurikulum at sa propesyonal na pag-unlad at mga pamantayan para sa mga tagapagturo ng BC.

Mayroong ilang mga paraan na maaaring matugunan ng mga mag-aaral ang bagong kinakailangan, depende sa partikular na mga inaalok na kurso ng kanilang paaralan o distrito ng paaralan.

## Pagtugon sa kinakailangan

**Apat na mga kredito**, sa **80 mga kredito** na kinakailangan upang makapagtapos na may Sertipiko ng Pagtatapos ng BC (BC Certificate of Graduation), **ay kailangan na kabilangan ng (mga) kurso na nakatuon sa Katutubo**. (ang karaniwang kurso sa BC ay 4 na kredito).

Ang mga kasalukuyang opsyon na maaaring piliin ng mga mag-aaral mula sa:

### Mga panlalawigang kurso

- Walong Ingles na mga kurso sa Mga Unang Tao (First Peoples), Baitang 12-10, Mga Unang Tao ng BC (BC First Peoples) 12 at Mga Kontemporaryong Katutubong Pag-aaral (Contemporary Indigenous Studies) 12.
- Ang mga kursong ito ay nakakatugon din sa iba pang mga kinakailangan sa pagtatapos sa Wikang Ingles na mga Sining at Araling Panlipunan.
- Para sa isang buong listahan ng mga opsyon sa kursong Panlalawigan, kasama ang mga halaga ng kredito ng bawat kurso, mangyaring tingnan ang website ng Ministeryo.

### Mga kurso sa wika ng First Nations

- Mga kurso sa wika ng First Nations, mga Baitang 12-10.
- Para sa isang buong listahan ng mga opsyon sa kurso sa wika ng First Nations, mangyaring tingnan ang website ng Ministeryo.

### Mga kursong pinahintulutan ng Lupon/Awtoridad [Board Authority (BAA)].

- Maaaring pahintulutan ng mga Lupon/Awtoridad ang mga lokal na binuong kurso upang matugunan ng mga mag-aaral ang kinakailangang ito.
- Ang pakikipag-ugnayan sa mga lokal na First Nations sa pagbuo ng mga naturang kurso ay kinakailangan para sa mga kursong BAA upang matugunan ang bagong kinakailangan sa pagtatapos.
- Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan o distrito ng paaralan upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang kurso sa BAA.

## Bakit ang pagbabago?

Ang pagbabagong ito sa programa ng Pagtatapos ng BC (BC Graduation program) ay kumakatawan sa isang mahalagang susunod na hakbang tungo sa pangmatagalan at makabuluhang pagkakasundo. Ang bagong kinakailangan sa pagtatapos ay nagbibigay sa lahat ng mga mag-aaral ng B.C. ng kinakailangang oras at pagkakataon na bumuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan, mga kultura, mga kasaysayan, at mga kontemporaryong konteksto ng mga Katutubong tao sa Canada.

Ang pangangailangan sa pagtatapos na nakatuon sa Katutubo ay tumutugon sa mga pangako sa **Plano ng Aksyon** para sa **Batas ng Deklarasyon sa mga Karapatan ng mga Katutubong Tao (Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act)** at naaayon sa mga obligasyon sa **Kasunduan ng Pinagatlong Edukasyon ng BC (BC Tripartite Education Agreement)**.

Ang bagong kinakailangan ay sumasalamin din sa patuloy na gawain ng Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga sa Bata, ang Komite ng Tagapamahala sa Edukasyon ng First Nations (First Nations Education Steering Committee), at iba pang mga kasosyo sa edukasyon upang tugunan ang kapootang panlahi na partikular sa Katutubo sa K12- na sistema ng edukasyon.



BRITISH COLUMBIA | Ministry of Education and Child Care

